# Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

Volume 2 Issue 1 | 103 E. Mendoza Street, Buting, Pasig City | January 1-31, 2013


## FIESTA 2014

CHITO ANGEO with MINA ANORE & PRECY ARELLANO

2014 ay Taong ng Layko. Kaakibat nito ang tema ng kapistahan natin ay "Sambayanang Kristiyano na Pinagbuklod sa Pananampalataya, Pag-asa, at Pag-ibig". Isang hamon para sa akin upang gampanan at pamunuan ang Comite de Festejos. Bilang isang layko ng Parokya ni San Guillermo ay susuklian ko sa abot ng aking makakaya at sa tulong ng aking mga kasamahan upang maging maayos, masaya at maging matagumpay ang ating kapistahan. Nananawagan po ang pamunuan na makiisa, makilahok, sumuporta at tumugon tayong lahat sa mga gawain at proyekto para maitayo ang minimithi nating bagong simbahan.

Viva San Guillermo!

Narito ang bumubuo ng **Fiesta Komite 2014**:

Chair Couple: Chito & Cris Angeo; Vice Chair Couple: Edgar & Precy Arellano; Secretary: Lucy Santos; Treasurer: Precy Arellano; Auditor: Nene Aleligay; Adviser: Rev. Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran.

**Working Committees:**

**Cultural and Parade:** Boy & Minda Españ̃a; **Search for Ginoo at Ginang:** Edgar & Precy Arellano; **Bigkisan Night:** Sherwin & Pinky Llorador; **Souvenir Program:** Erlie Pinga; **Special Solicitation:** Bebet Enciso; **Liturgical:** Irma Cuaresma; **Altar & Andas Decoration:** Evelyn Tuañ̃o; **Food & Refreshment:** Bong & Nene Aleligay; **Decoration, Program, Invitation, & Communication:** Arsie Esmile; **Documentation & Newsletter:** Alex & Mina Anore

---

**"GINOO AT GINANG NG SAN GUILLERMO 2014"**

Kaugnay nito naganap noong ika-8 ng Disyembre, 2013 ang presentasyon ng "Ginoo at Ginang ng San Guillermo 2014."

St. Matthew—Gomer at Librada Agon; Sta. Monica—Agustin at Eleanor del Rosario; St. Jude—Pepe at Josefina Oraa; St. Peter—Christopher at Judylyn Rabilas; St. Therese—Reynaldo at Marilyn Pacheco; St. Luke—Armando at Olga Santos; St. Anne—Ariel at Claire Macuja.

**Panuntunan ng Paligsahan:**

Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng kasal na mag-asawa.; Ang isang boto ay nagkakahalaga ng Php. 10.00; Araw ng bilangan:

Araw ng bilangan: 21-Dec.2013,Cut-off time: 3:00pm at sa ika-25-Jan.2014, Cut-off time: 3:00pm.

Ang mananalong una, ikalawa at ikatlong pares ay tatanggap ng korona, sash, plake at cash na katumbas ng 5% ng makukuhang boto. Ang ika-4 hanggang huling puwesto (kandidato at kawan) ay tatanggap ng Katibayan ng Pasasalamat at Pagkilala. Ang bilangan ay pangungunahan ng Fiesta Committee's Board of Canvassers.

Naisagawa na ang unang bilangan ng nasabing paligsahan noong ika-21 ng Disyembre, 2013 at

Narito ang naging resulta ng bilangan.

| | | |
|---|---|---|
| St. Matthew | - | Php. 7, 970.00 |
| St. Anne | - | 7, 630.00 |
| St. Therese | - | 5, 970.00 |
| St. Peter | - | 3, 480.00 |
| St. Jude | - | 1, 610.00 |
| Sta. Monica | - | 1, 580.00 |
| St. Luke | - | 1, 480.00 |
| | | Php.29,720.00 |

Ngayon naman ay kapapanabikan natin ang ikalawa at huling bilangan ng ating mga kandidato, at magaganap ang koronasyon ng tatanghaling G. at Gng. ng San Guillermo 2014 ay sa ika-1 ng Pebrero,2014, sa ganap na ika-7:00 ng gabi. Ang paligsahan ay sa pamamahala ng mag-asawang Edgar at Precy. Arellano.

## BAGONG TAON, BAGONG PAGKAKATAON

By: Fr. Bebot V. Catuiran

Bagong Taon na naman. Ibig sabihin bagong simula, bagong pagkakataon at bagong pag-asa ang ibinibigay sa ating lahat.

How good it is to direct all our attention this year 2014 to the God of new beginnings because the Lord makes all things new.

Paterno Esmaquel II, in his article **"New Year's Resolutions: Pope Francis' List"** shared the compilation of Rappler 10 on the Pope's most memorable quotes in the form of New Year's resolutions. I only took three points which I think could help us in our day to day living.

**First - Don't' gossip.**

Pope Francis after his election preached six times about gossip, to denounce gossip because it's also one of the most evil activities. He says when we gossip, we "are doing what Judas did," and "begin to tear the other person to pieces." He continued, "Every time we judge our brother in our hearts or worse when we speak badly of them with others, we are murdering Christians." "There is no such thing as innocent slander." So avoid and condemn gossip. Speak and share only what is good and true.

**Second - Finish your meals.**


Pope Francis said: "No leftovers, please."

He denounced the "culture of waste." The goods of the earth are more than enough to supply our basic needs. Nearly 870 million people suffer from chronic malnutrition, says the Food and Agriculture Organization. Hence, the Pope reminds everyone: "We should all remember... that throwing food away is like stealing from the tables of the poor, the hungry! Thus, the call to get what is enough is highly recommended. Don't stock too much food; stock what you can consume only.

**Third- Make it a habit to 'ask the Lord.'**

Bothered about the future? Don't' know what to do? Pray, the Pope urges us especially the youth. "Dear young people," he says, "some of you may not yet know what you will do with your lives. Ask the Lord, and he will show you the way." Jesus said: ask anything in my name and it will be done. Prayer is powerful. Real prayer is a two way conversation with the living God who really loves and listens to things we say. That's why, we need to establish connection with the Lord.

Nawa ang bagong pagkakataong ito ay samantalahin natin at makapagsimula tayo ng tama. Patnubayan tayong lahat ng ating Mahal na Ina, Birheng Maria at ating mahal na patron, San Guillermo.




Ang 2nd **Bigkisan Night** ay sa pangunguna ng mag-asawang Sherwin at Pinky Llorador.



# MUNTING KATESISMO

## Mga Kailangan Ninyong Malaman Tungkol Sa Santo Niño Ayon Sa Bibliya

### Bakit tinatawag na "Santo" ang Batang Hesus?

Ang ibig sabihin ng "santo" ay **"banal"** (sa wikang Tagalog) o **"holy"** (sa wikang Ingles). Ang Batang Hesus ay tinatawag na banal ayon sa Bibliya: "Sumagot ang anghel, "Sasaiyo ang Espiritu Santo at mapapasailalim ka sa kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos. Dahil dito, ang isisilang mo'y **banal** at tatawaging Anak ng Diyos." (Lucas 1:35)

### Bakit tinatawag na "Niño" ang Batang Hesus?

Ang "Niño" ay saling Espanyol ng salitang "batang lalaki".

### Bakit may koronang ginto at tungkod/setro (scepter) ang Santo Niño?

Sapagkat kay Cristo ibinigay ang paghahari: "Makinig ka! Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang **sanggol na lalaki, at siya'y papangalanan mong Jesus. Siya'y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David upang maghari sa angkan ni Jacob magpakailanman. Ang kanyang paghahari ay pangwalang hanggan.**" (Lucas 1:31-33)

### Bakit may bilog sa kamay ng Batang Hesus?

Ang bilog na bagay na iyon ay ang buong sansinukob (universe) o ang buong daigdig. Tulad ng bata na naglalaro ng bola at iingatan niya ito sa kanyang mga kamay, iingatan naman ng Santo Nino ang buong mundo sa kanyang kamay:
"Siya ang una sa lahat, at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan niya." (Colosas 1:17)

### Bakit pula ang kasuotan ng Batang Hesus?

Malimit na kulay pula ang capa at kasuotan ng mga mararangyang hari't reyna sa Europa noong unang panahon. Sa kabilang banda, pula ang kasuotan ng Batang Hesus dahil ito ang kulay ng dugo na nasa kanyang kasuotan:
"**Puno ng dugo ang kanyang kasuotan** at ang tawag sa kanya ay "Salita ng Diyos." Nakasulat sa kanyang kasuotan at sa kanyang hita ang ganitong pangalan: "**Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon."** (Pahayag 19:13,16)

### Kailangan bang sambahin natin ang Batang Hesus na ito?

Kailangan. Dahil ginawa din ito ng mga pinagpalang mago:
"Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ni Maria na kanyang ina. Nagpatirapa sila at **sinamba ang bata**. Inihandog din nila sa kanya ang mga dala nilang ginto, insenso at mira." (Mateo 2:11)

### Kailangan din ba nating sumayaw tulad ng ginagawa ng marami ngayong araw na ito?

Hindi kailangan. Ngunit kung nais mo ay walang masama. Maaari din naman tayong sumayaw bilang ekspresyon ng pagluluwalhati sa Diyos:
**"Sa tugtog ng tambol, magsayaw, purihin, mga alpa't plauta, lahat ay tugtugin!"**
**(Awit 150:4)**



(Hinango sa orihinal na artikulo ni **Francis Raymund Gonzales, na inilathala para sa 100% Katolikong Pinoy! Online Page [https://www.facebook.com/notes/100-katolikong-pinoy/mga-kailangan-ninyong-malaman-tungkol-sa-santo-ni%C3%B1o-ayon-sa-bibliya/254930124644]. Ginamit nang may pahintulot ng orihinal na may-akda.)**

## BAMBINO FESTIVAL

*"This festival is celebrated in honor of the Sto. Niño, whose innocence, purity of spirit, and love have had a profound influence on the lives of Pasigueños. An exhibit featuring the various images of the Blessed Child is mounted, culminating in a procession participated in by the different parishes and schools in the city."*

January is the month of the year when the Philippines' grandest festivals are held to honor the Sto. Niño, the Holy Child Jesus. The City of Pasig will kick-off this year's Bambino Festival with the opening of the Sto. Niño Exhibit in the Pasig City Museum on Jan. 10, 2014. The exhibit features Sto. Niño images from various private collectors and devotees from Pasig including replicas of the Sto. Niño de Cebu owned by tge family of Congressman Roman Romulo. The highlight of this festival is the Grand Bambino Festival Parade featuring different Sto. Niño images from the parishes of the Diocese of Pasig and the image of Sto. Niño de Pasig. The first Bambino Festival was held in January 2002. The festival got its name from the Italian word, *bambino,* which translates to "child" in English.

This year, the Grand Parade will be held on January 19, 2014, Sunday, which will be participated in by the different parishes and schools of the diocese.

Sources:

http://www.pasigcity.gov.ph/subpages/festivals.aspx

http://www.pinasmuna.com/2013/01/pasig-city-bambino-festival-2013.html

## #BAGONGTAONBAGONGBUHAY

By: Rowell-Anne Santos

Mula pa lamang noong Pasko, naglipana na ang mga paputok. Isa itong tradisyon ng lahat ng tao sa mundo. Nakisama ka ba sa tradisyong ito? Tuwing bagong taon, ang iba'y mas piniling mag-ingay: gamit ang kaldero, ang tambol, torotot, o di kaya nama'y mag-magic sing o videoke. The point here ay lahat tayo ay nagsasama-sama upang i-welcome ang panibagong taon na ibinigay na naman ng ating Panginoon, nagpapasalamat sa regalo ng buhay at ng ating mga pamilya't kaibigan. Ito ay simbolo ng pag-asa na likas sa ating Pilipino. Matapos ang mga unos na ating pinagdaanan, hindi nawala ang ating sense of humor, na ipinagmamalaki ng kahit na sinong Pinoy, bata man o matanda, nasa ibang bansa man o nandito lang sa Pilipinas. Sino ba naman ang mag-aakala na ang mga nasalanta ng bagyong Yolanda will be able to celebrate ng makabuluhang Christmas and New Year? Akala mahihirapan silang makabangon, pero hindi pala. Isa itong patunay na ang mga Pilipino ay mayroong malakas na pananampalataya sa Diyos. Hindi lamang ang mga nasalanta ang tinutukoy natin dito. Lahat ng tao, pati ikaw. Lahat tayo nagkakaroon ng problema, may pinagdadaanan. Ang iba ay may problema sa pamilya, kinakapos sa pera, meron ding naha-heartbroken. Pero what's the point? Dadating pa din naman ang bukas. Hindi tayo dapat magmukmok. Hindi natin kailangang madepress. Andiyan Siya sa tabi natin. Hinding-hindi Niya tayo iiwanan sa ere. Kaya lang, minsan, ang tao ay nawawalan ng pag-asa pag masyadong mabigat ang dinadala. Anong sagot dito? Magdasal, parekoy. Hinihintay Niya lang tayo, na kausapin Siya. Walang malaking dagok sa buhay kung kasama natin ang Panginoon. Hindi tatalab ang panalangin natin kung hindi rin tayo kikilos. Nakaplano na lahat ng nangyayari sa diary ni Lord pero kailangan din natin gawin ang responsibilidad natin bilang tao. Nagawa mo na bang balikan ang mga nagawa mo nung nagdaang taon? Nakagawa ka ba ng mas maraming mabuti o mas maraming masama? Naging masyado ka bang tamad, pala-asa, makasarili o masyado kang nainggit sa kapwa mo? Naging tama ba ang mga desisyon mo? Medyo naagrabyado ba ang ibang tao dahil sayo? Ngayong bagong taon, ayusin natin ang lahat ng ating mga naiwang responsibilidad. Mas magandang buhay ang ating hangarin; hindi gaganda ang buhay natin kung wala tayong gagawin. Isang taon na naman ang nakalipas, isang bagong taon na naman ang dumating.

2014, be good to all of us!

## FEATURES/ENTERTAINMENT

# MINISTRY FOR LITURGICAL MUSIC

## (Ang Mga Mang-aawit ng Simbahan)



Naniniwala ka ba...ang pag-awit ay maaaring maging handog sa Panginoon?

Ang magagandang tinig na kaloob ng Panginoong Diyos ay maaari nating gamitin sa pagbibigay buhay, pagbibigay sigla, pagbibigay saya, sa mga pagdiriwang ng ating simbahan, lalung-lalo na sa pagdiriwang ng Misa. Sa pamamagitan ng pag-awit ay matutulungan ang sambayanan na ganap na makibahagi sa pagdiriwang ng Banal na Misa at sa paglilingkod bilang mga mang-aawit ay isang pagpapahayag ng pagpupuri't pasasalamat sa lahat ng kabutihan at pagkalinga ng Diyos.

Narito ang iba't ibang koro sa parokya ni San Guillermo:

| KORO | COORDINATOR | INSTRUMENTALIST |
|---|---|---|
| Cursillo | Tony Martinez | Cris Anore |
| El Shaddai | Shiela Layese at Myra Torralba | Shiela Layese |
| Youth Choir | Jay-En Catando | Michael Espejo |
| CFC | Edgar/Precy Arellano | Michael Espejo |
| Chiro | Emerson Castillo | |
| Gloria Dei | Krim Buensuceso | Krim Buensuceso |
| KofC | Ronnie San Juan | |
| SJ Chapel Choir | Nikky Laddran | |
| UK Choir | Grace Grampon | |
| Lexington | | |
| Grand Choir | Myra Torralba | Shiela Layese |

**Mga Cantor:**

Myra Torralba, Emy Cortez, Oscar Mandac, Nida Borca, Jason Mandac, Babylyn Tero, Jovy Mandac, Renz Magnaye, Irma Cuaresma, Krim Buensuceso, Jay-en Catando, Patty Perpenia

**Pamunuan:**

| | |
|---|---|
| Coordinator - | Irma Cuaresma |
| Asst. - | Myra Torralba |
| Secretary- | Nida Borca |
| Treasurer- | Shiela Layesa |
| Asst. Treas.- | Amy Salgado |
| Auditor - | Jovy Mandac |

...at habang binabasa mo ito ngayon, alam kong isa ka sa maraming may magagandang tinig, magaling at marunong mag keyboard....Halika na't sumama na maging bahagi ng koro o maging instrumentalist kaya sa ating parokya......

Makipag-kita at kausapin lang si Tita Irma o sa mga coordinators ng bawat koro.

Huwag nang magdalawang isip pa .... Masarap umawit sa Panginoon, Mabiyayang magbalik ng talento sa Kanya. Masayang maging bahagi.....SALI NA!

—Mina Anore at Tita Irma Cuaresma


# WORDSEARCH

BY: KYRIE LABABO

M O P S D H O W E A C G B N L D R O L U L
R U J A A O S W E J E H T F O G N I K H Z
L F I A R V A R J T E S F H T R H D M Z O
R I I E O I I S M S G O E E O S N E L I E
W R S L S E O O L O O F N L L O I V P T K
S N C E A Z D E R E T U W E R R F R F T I
U S D U I N I F C G S B U M A F I O H R N
N S O N O F M A N O O N J I B N H E M C G
T S Z A K R E R M A A L O E C G W O O G O
D Y G M M D M E P M E E N E S O I A N R F
A E E M N E K O M T E J O S R U E A I O G
D M H E O E C I O S N F L D O T S I F W L
O F M G R A H G M R P A P E O R Z A S D O
G C U I I R R R A E L N E A R A O L M E R
F I F I A O E F A N O M U R O E P G E E Y
O N S B I M N C E M S W M D O G F O N O S
B J B D E S E A M B O S A R N Z H G O D E
M I I E O F L S Z V N S T L O A A E L R H
A O D Y E O H E T O R I E H D A J N R T D
L E N D F E M W R C R A F M O N D G B B W

- Christ
- Immanuel
- King of Glory
- Lamb of God
- Lord
- Nazorean
- King of the Jews
- The Word
- Rabbi
- Savior
- Son of Man
- Emmanuel
- Jesus
- Light of the World
- Messiah
- Prince of Prince
- Redeemer
- Son of God

# MILESTONES



HAPPY 87th BIRTHDAY

JANUARY 17

*LEONILA SAN AGUSTIN*




*Jan. 5*
*MARIA ANGELICA ANORE*
*Jan. 6*
*MA. REGINA M. LOPEZ*




Jan. 5 BENETH LOZADA
Jan. 10 PINKY EVANGELISTA
Jan. 11 SOL MONAL
Jan. 15 PINING PINGA
Jan 30 NINI SANTIAGO

HAPPY BIRTHDAY

*January 20*

*ELIZABETH M. RAFAEL*

*LILIBETH M. CUSTODIO*



**FOR COMMENTS & SUGGESTIONS**
**CONTACT US:**
103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Landline: 642-8051
e-mail address: sgp_media@yahoo.com
facebook.com/sanguillermopasig

**OUR PARISH**

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**
**Parish Priest**

**REV. FR. EDGAR DOLINA**
**Resident Guest Priest**

Schedule of Masses:

**-San Guillermo Parish**
**DAILY MASS (Tagalog):**
Mondays—6:00AM
Tuesdays—6:00PM
Wednesdays—6:00AM & 6:00PM
Thursdays—6:00PM
Fridays—6:00AM & 6:00PM
Saturdays—6:00AM & 6:00PM (Anticipated Sunday Mass)
Sunday
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass); 9:00AM;
4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-Chapels-**
1) San Joaquin Chapel
Sundays – 7:30 AM and 6:00 PM
2) St. Francis of Assisi (Lexington)
(English) Saturdays – 8:00 PM
(English) Sundays – 10:15 AM
3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)
Sundays – 4:30 PM
First Friday—7:30PM
4) San Pedro Calungsod (East Mansion)
3rd Sunday of the Month – (English) 10:30 AM
5) Grand Monaco Homes—every 3rd Saturday, 7:30 PM

**SERVICES**
Confession
Wednesday & Friday—5:30PM
Baptism—Sunday—11:30AM
Wedding—kindly arrange with the parish office two months before the desired date
Sick Call—anytime
Blessing—by appointment
Funeral Mass—by appointment

**Devotions & Novenas**
Monday—Holy Trinity—5:00PM
Tuesday—San Lorenzo Ruiz—5:00PM
Wednesday—Our Lady of Perpetual Help—5:00PM
Thursday—Ina Poon Bato & San Guillermo de Maleval—5:00PM
Friday—Sacred Heart of Jesus–5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month—5:00PM
Saturday—Memorial of the Blessed Virgin Mary—6:00AM

**Parish Office Hours:**
**Tuesdays to Sundays – 8:00 AM to 5:00 PM**

# PARISH EVENTS




Ang CFM (Christian Family Movement) ay nag-sponsor ng "KIDS JOY RIDE" noong ika-29 ng Disyembre, 2013. Kung saang 28 less fortunate kids ng ating Baranggay Buting ang nabigyan ng pagkakataong maranasang mamasyal sa Ayala Triangle, Greenhills, City Hall of Pasig Animation, Plaza Rizal at kumain sa Jollibee.

Kumukutitap na mga iba't ibang kulay at hugis ng mga ilaw , ang nagbigay kulay sa kanila at kahit papaano ay nagdagdag saya, iba at bagong karanasan sa kanilang Pasko, na marahil ay mahirap nilang malimutan.

Sa pagiging bukas-palad ng mga naging guardians nila, sa nagpahiram ng bus noong gabing yaon, naging masaya ang mga bata! Salamat po.

**"Alagaan at mahalin natin ang mga bata para masabi nila balang araw, tunay ngang MASARAP MAGING BATA."**

**By: Mon and Cora Sanchez**



INSTALLATION OF USHERS AND USHERETTES—Dec. 22, 2013



INSTALLATION OF MINISTRY OF ALTAR SERVERS—Dec. 15, 2013



RENEWAL AND INSTALLATION OF LECTORS & COMMENTATORS
Dec. 29, 2013

# CHRISTMAS SEASON



PANUNULUYAN



CHRISTMAS GIFT-GIVING



CHRISTMAS VIGIL MASS—DEC. 24, 2013



BELEN SA PAROKYA NG SAN GUILLERMO